Republic of the Philippines
**Department of Education**
National Capital Region
**DIVISION OF CITY SCHOOLS**
City of Mandaluyong
Tel. no. 533-60-85 Fax. no.532-71-17
E-Mail Address: depedmandaluyongy@gmail.com
Official Website: depedmandaluyong.wordpress.com

Hulyo 27, 2015

DIVISION OF CITY SCHOOLS
RELEASED
BY:
DATE 7/27/15
2:57PM
MANDALUYONG

**MEMORANDUM**

PARA SA: Hepe, CID at SGOD
Pansangay na Tagamasid
Punungguro, Pampublikong Paaralan Lebel Elementarya at Sekondarya
Opisyal ng CID at SGOD

**KOMPERENSYANG PANGWIKA NA MAY TEMANG "WIKA AT PANITIKANG FILIPINO SA HARAP NG GLOBAL NA INTEGRASYON"**

1. Ang University of Asia and Pacific, College of Arts and Sciences, Filipino Department ay nag-iimbita sa mga guro ng Filipino sa kanilang komperensyang pangwika na may temang **"Wika at Panitikang Filipino sa harap ng Global na Integrasyon"** na gaganapin sa ika-26 ng Agosto, 2015, sa ganap na ika-8:00 ng umaga hanggang ika-12:00 ng tanghali sa Telengtan Hall University of Asia and the Pacific, Pearl Drive, Ortigas Center, Pasig.

2. Ang mga puno ng kagawaran, tagapag-ugnay at mga guro, antas sekondarya at elementarya na panghapon at walang klase ang maaari lamang dumalo.

3. Kalakip nito ang iba pang detalye at programa ng komperensya.

4. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap ng **Memorandum** na ito.

**NERISSA L. LOSARIA, CESO VI**
Nanunuparang Pinuno
Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala

UA&P
UNIVERSITY OF ASIA AND THE PACIFIC

6 Hulyo 2015

Dr. Nerissa L. Losaria
Division Superintendent
City of Mandaluyong

Mahal na Dr. Losaria

Pagbati sa ngalan ng Wikang Pambansa tungo sa Matuwid na Landas!

Sa ngalan po ng UA&P-CAS Departamento ng Filipino, nais po naming anyayahan ang inyong mga guro at estudyante ng inyong Departmaneto ng Filipino na dumalo sa aming komperensyang pangwika na may temang **"WIKA AT PANITIKANG FILIPINO SA HARAP NG GLOBAL NA INTEGRASYON".** Gaganapin po ito sa Miyerkules, ika-26 ng Agosto 2015, ganap na ika-8:00 ng umaga hanggang ika-12:00 ng tanghali, sa Telengtan Hall ng University of Asia and the Pacific, sa Pearl Drive, Ortigas Center, Pasig.

Babasahin po nina **Prop. Ramilito Correa,** tagapangulo ng Sanggunian sa Filipino (SANGFIL) at guro sa De La Salle University - Manila at **Dr. Leodivico Lacsamana** ang kanilang akademikong papel sa wika at panitikan. Magpapakitang-turo naman si **Gng. Lourdes Bertis**. Inaasahang magtatamo ang mga dadalo ng komperensya ng mga kaalaman na napapanahon at makabuluhan ukol sa wika, panitikan at sa lipunang Pilipino, na siyang bubuhay at magpapasigla sa pagsusulong ng mga gawain tungo sa pagpapatatag at pagpapalakas ng ating kultura at wikang pambansa.

Libre at bukas po ang komperensya sa lahat. Makatatanggap ang mga dadalo ng sertipiko at babasahin. Kalakip po ng imbitasyong ito ang programa ng komperensya para sa inyong impormasyon. Mangyaring makipag-ugnayan kayo sa amin hanggang sa ika-24 ng Agosto 2015, ganap na ika-5:00 ng hapon para sa inyong kompirmasyon sa pamamagitan ni Bb. Divine Endriga sa telepono 637-0912 to 26 loc. 278 o mag-email sa divine.endriga@uap.asia.

Umaasa po kami na inyong pauunlakan ang imbitasyong ito. Maraming salamat po.

Lubos na sumasainyo,

mncamba

**Moreal Nagarit Camba**
*Tagapangulo, CAS- Departamento ng Filipino*

# UA&P
## UNIVERSITY OF ASIA AND THE PACIFIC

# Buwan ng Wikang Pambansa 2015

## *"Wika at Panitikang Filipino sa Harap ng Global na Integrasyon"*

**UA&P College of Arts and Sciences – Departamento ng Filipino**
sa pakikiisa ng
**Sanggunian sa Filipino (SANGFIL)**

**Agosto 26, 2015 / 8:00n.u. – 12:30n.t. / Telengtan Hall, APEC Building**

## PROGRAMA

7:30 – 8:00 **REHISTRASYON**
*Tagapamahala ng Komperensya*

8:00 – 8:10 Panalangin at Pambansang Awit

8:10 – 8:20 Bating Pagtanggap
**Atty. Delia S. Tantuico**
*Dekana, UA&P-College of Arts and Sciences*

8:35 – 9:20 Pagpapakilala sa Panauhing Tagapagsalita sa Panayam 1

**Panayam 1:**
**"WIKANG FILIPINO BILANG GLOBAL NA WIKA"**

- **Prop. Ramilito Correa**
  *Pangulo, Sanggunian sa Filipino (SANGFIL)*
  *Guro, De La Salle University - Manila*

9:20 – 9:30 Paggagawad ng Sertipiko para sa Panauhing Tagapagsalita
**Bb. Moreal Nagarit Camba**
*Tagapangulo, UA&P-CAS, Departamento ng Filipino*

9:30 – 10:15 Pagpapakilala sa Tagapagsalita sa Panayam 2

**Panayam 2:**
**"THE SPIRAL PROGRESSION APPROACH: ANG GAMIT NITO SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA K-12 CURRICULUM"**

- **Dr. Leodivico Lacsamana**
  *University of Asia and the Pacific*

10:15 – 10:45 **MERYENDA**

10:45 – 11:30 Pagpapakilala sa Magpapakitang-Turo 1

**Pakitang-Turo:**
**"TULANG 'PUTOL' ni MICHAEL COROZA"**

- **Gng. Lourdes Bertis**
  *University of Asia and the Pacific*

11:30 –11:50 **Malayang Talakayan**

11:50 – 12:00 **Pagsasara ng Komperensya**
**Bating Pangwakas -**
**Bb. Moreal Nagarit Camba**
*Tagapangulo, UA&P-CAS, Departamento ng Filipino*

**Bb. Divine Angeli Endriga**
Tagapagdaloy ng Komperensya

---

Para sa iba pang katanungan at impormasyon, maaari kayong makipag-ugnayan sa sa mga sumusunod na tao at numero:

**Bb. Divine Angeli Endriga**
637-0912to 26 / loc.308 / fax 369
divine.endriga@uap.asia

**Paalala:** Hinihiling namin na ipadala ang **KOMPIRMASYON NG PAGDALO** na kalakip ng programang ito sa aming Secretariat sa (o bago) ika-24 ng Agosto 2015 para sa aming paghahanda ng mga Sertipiko ng Pagdalo.

# KOMPIRMASYON NG PAGDALO

sa

## *"Wika at Panitikang Filipino sa Harap ng Global na Integrasyon"*

**Agosto 26, 2015 / 8:00 n.u. – 12:00 n.t.**
**Telengtan Hall, Gusali ng APEC Building**

**Para sa** : **Departamento ng Filipino**
**Collge of Arts and Sciences**
**University of Asia and the Pacific**
**Pearl Drive, Ortigas Center**
**Lungsod ng Pasig**

**Mula sa** : ______________________________
Pangalan ng Paaralan/Institusyon/Samahan

______________________________
______________________________
Adres ng Paaralan / Institusyon / Samahan

______________________________
Tagapag-ugnay:
Telepono: ____________________
Mobile: ____________________
Email: ____________________

**(Mga) Dadalo:**

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________